

# Tagalog – DMCA Notices

[Home](#) / [Tagalog – Disney Terms of Use](#) / Tagalog – DMCA Notices

## Mga Abiso ng DMCA

Alinsunod sa Title 17, United States Code, Section 512(c)(2), dapat magpadala ng mga abiso ng ipinapahayag na paglabag sa copyright sa Itinalagang Ahente ng Tagabigay ng Serbisyo.

Ang abiso ay dapat isumite sa sumusunod na Itinalagang Ahente: Tagabigay ng Serbisyo: The Walt Disney Company

Pangalan ng Ahenteng Nakatalagang Tumanggap sa Abiso ng Ipinahayag na Paglabag: TWDC Designated Agent

Buong Address ng Itinalagang Ahente kung Kanino Dapat Ipadala ang Abiso: 500 South Buena Vista Street, Burbank, California 91521, USA

Numero ng Telepono ng Itinalagang Ahente: +1 818-560-1000

Numero ng Facsimile ng Itinalagang Ahente: +1 818-560-4299

E-Mail Address ng Itinalagang Ahente: [designated.agent@dig.twdc.com](mailto:designated.agent@dig.twdc.com)

Upang magkaroon ng bisa, ang abiso ay dapat isang nakasulat na komunikasyon na naglalaman sa sumusunod:

1. Isang pisikal o electronic na lagda ng taong awtorisadong kumilos sa ngalan ng may-ari ng eksklusibong karapatang di-umano ay nalabag;
2. Pagtukoy sa likhang naka-copyright na ipinapahayag na nalabag, o kaya, kung marami ang likhang naka-copyright mula sa iisang online site na nasasaklawan ng iisang abiso, isang kinatawang listahan ng mga naturang likha sa site na iyon;
3. Pagtukoy sa likhang ipinapahayag na lumalabag o magiging paksa ng aktibidad na lumalabag at aalisin o tatanggalan ng kakayahang ma-access, at sapat na impormasyon upang mabigyang-daan kaming mahanap ang materyal;
4. Sapat na impormasyon upang mabigypermisio na kontakin ang nagrereklamong partido, tulad ng address, numero ng telepono, at, kung mayroon, electronic mail address kung saan maaaring kontakin ang nagrereklamong partido;
5. Isang pahayag na ang nagrereklamong partido ay tapat na naniniwala na ang paggamit sa materyal sa paraang inirereklamo na hindi awtorisado ng may-ari ng copyright, ng ahente nito, o ng batas; at

6. Isang pahayag na tumpak ang impormasyon sa abiso, at sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, na ang nagrereklamong partido ay awtorisadong kumilos sa ngalan ng may-ari ng isang eksklusibong karapatan na ipinapahayag na nalabag.

Maaari kaming magbigay sa iyo ng abiso na inalis na namin ang o tinanggal ang access sa partikular na materyal sa pamamagitan ng pangkalahatang abiso sa anumang Serbisyo ng Disney, electronic mail sa e-mail address ng user sa aming mga talaan, o ng nakasulat na komunikasyong ipapadala sa pamamagitan ng first-class na koreo sa iyong pisikal na address sa aming mga talaan. Kung makatanggap ka ng ganitong abiso, maaari kang magbigay ng nakasulat na counter-notification sa itinalagang ahente na naglalaman sa impormasyon sa ibaba. Upang magkabisa, ang counter-notification ay dapat isang nakasulat na komunikasyon na naglalaman sa sumusunod:

1. Ang iyong pisikal o electronic na lagda;
2. Pagtukoy sa materyal na inalis o tinanggalan ng kakayahang ma-access, at sa lokasyon kung saan ito lumalabas bago ito inalis o tinanggalan ng kakayahang ma-access;
3. Isang pahayag mula sa iyo, na napapailalim sa parusa ng pagsisinungaling, na tapat kang naniniwala na naalis o na-disable ang materyal na resulta sa isang pagkakamali o maling pagtukoy sa materyal na aalisin o idi-disable; at
4. Ang iyong pangalan, pisikal na address at numero ng telepono, at isang pahayag na sumang-ayon ka sa hurisdiksyon ng isang U.S. Federal District Court para sa distrito ng hukom kung nasaan ang iyong pisikal na address, o kung ang iyong pisikal na address ay nasa labas ng Estados Unidos, para sa anumang distritong hudisyal kung saan makikita ang Disney Interactive, at na iyong tatanggapin ang serbisyo ng pagpoproseso galing sa taong nagbigay ng abiso sa materyal na ipinahayag na lumalabag o ng ahente ng naturang tao.